American Cancer Society
Every cancer. Every life.®

# Kunin ang iyong mga test!

Ang inirerekomendang pagsusuri para sa cancer ay makakatulong sa pagsagip ng iyong buhay. Itanong sa iyong doktor o nurse ang tungkol sa mga pagsusuri na ito.

*Get your Tests! - Tagalog*

## Mga Inirerekomendang Screening Test para sa Cancer

### Screening para sa Colorectal Cancer

**25 hanggang 39 na Taong Gulang**

**Screening para sa Colorectal Cancer (Kanser sa bituka o tumbong)**

Alamin kung ikaw ay nasa mataas na panganib para sa colon o rectal cancer (kanser sa kolon o labasan ng dumi). Kung hindi, walang screening ang kailangan sa pagkakataong ito kung gayon.

**40 hanggang 49 na Taong Gulang / 50+ Taong Gulang**

**Screening para sa Colorectal Cancer**

Simulan ang regular na screening sa edad na 45, at magpatuloy hanggang sa edad na 75. Para sa mga taong nasa edad na 76 hanggang 85, ang desisyong magpa-screen ay dapat nakabatay sa kanilang mga kagustuhan, tulad ng inaasahang itatagal ng buhay, kalusugan sa pangkalahatan, at kasaysayan ng naunang screening.

Mayroong ilang uri ng pagsusuri ang maaaring magamit. Makipag-usap sa isang provider sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung aling mga pagsusuri ang pinakamainam para sa iyo. Anumang pagsusuri ang piliin mo, pinakamahalaga ang ma-screen.

**GLOSARYO — Screening para sa Colorectal Cancer**

Ang mga pagsusuri na ito ay makakatulong para mapigilan ang colorectal cancer o matuklasan ito nang maaga kung kailan maaaring maging mas madali ang magamot. Maiiwasan ang colorectal cancer sa pamamagitan ng paghahanap at pag-alis ng polyp bago ito maging cancer.

### Screening para sa Prostate Cancer

**25 hanggang 39 na Taong Gulang**

**Screening para sa Prostate Cancer (Kanser sa Prostata)**

Walang screening ang kailangan sa pagkakataong ito.

**40 hanggang 49 na Taong Gulang**

**Screening para sa Prostate Cancer**

Simula sa edad na 45, ang mga kalalakihan ay nasa mataas na panganib, lahat ng Itim na kalalakihan, at mga lalaking may malapit na kapamilyang nagkaroon ng prostate cancer bago ang edad na 65 ay dapat talakayin ang mga potensyal na panganib at kapakinabangan

ng screening sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga kalalakihang may higit na mas mataas na panganib (mga may mahigit sa isang malapit na kapamilyang nagkaroon ng prostate cancer bago ang edad na 65) ay dapat magkaroon ng diskusyon sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan simula sa edad na 40.

Pagkatapos ay dapat silang magpasya kung gusto nilang magpa-screen gamit ang PSA blood test nang mayroon o walang rectal exam.

**50+ Taong Gulang**

**Screening para sa Prostate Cancer**

Sa edad na 50, ang mga kalalakihang nasa katamtamang panganib ng prostate cancer at inaasahang mabuhay ng hindi bababa sa 10 taon pa ay dapat makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga potensyal na panganib at mga kapakinabangan ng screening para

magpasya kung tama para sa kanila ang screening. Kung siya ay magpapasya na ma-screen, dapat siyang magpa-PSA blood test nang mayroon o walang digital rectal exam. Dapat silang makipag-usap sa kanilang doktor ng tungkol sa kung gaano kadalas sila magpapa-screen.

**GLOSARYO — Screening para sa Prostate Cancer**

Ang mga antas ng prostate-specific antigen (PSA) sa dugo ay maaaring maging mas mataas sa mga kalalakihang may prostate cancer, bukod sa iba pang mga kondisyon. Sa digital na rectal exam, tinitingnan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang prostate kung may mga bukol o hindi normal na laki.

### Screening para sa Cancer sa Suso

**25 hanggang 39 na Taong Gulang**

**Screening para sa Cancer sa Suso (Breast Cancer)**

Alamin kung ikaw ay nasa mataas na panganib para sa breast cancer (kanser sa suso). Kung hindi, walang screening ang kailangan sa pagkakataong ito.

Agad na sabihin sa iyong doktor o nurse kung may napansin kang anumang mga pagbabago sa hitsura o nararamdaman mo sa iyong mga suso.

**40 hanggang 49 na Taong Gulang**

**Screening para sa Cancer sa Suso**

Ang mga kababaihang nasa edad na 40-44 na taong gulang ay dapat magkaroon ng opsyong masimulan ang screening para sa breast cancer sa pamamagitan ng mga mammogram taun-taon kung gusto nilang gawin ito. Simula sa edad na 45, dapat siyang magpa-mammogram taun-taon.

**50+ Taong Gulang**

**Screening para sa Cancer sa Suso**

Magpa-mammogram kada taon sa pagitan ng mga edad 45 at 54 na taong gulang; pagkatapos ay sa edad na 55 taong gulang, maaari ka nang magpa-mammogram kada dalawang taon, o ipagpatuloy ang screening kada taon. Dapat magpatuloy ang screening hangga't ikaw ay nasa mabuting kalusugan at inaasahang mabuhay ng hindi bababa sa 10 taon pa.

**GLOSARYO — Mammogram**

Ang screening para sa mammogram ay isang x-ray sa suso na ginagamit para matuklasan ang mga senyales ng cancer sa suso sa mga kababaihan na walang anumang mga sintomas o problema sa suso.

### Screening para sa Cervical Cancer (Kanser sa Kuwelyo ng Matris)

Ang mga indibidwal na nasa edad na 25 hanggang 65 taong gulang na may cervix ay dapat makakuha ng pangunahing HPV test kada 5 taon. Kung walang pangunahing HPV test, kumuha ng co-test kada limang taon o Pap test lamang kada 3 taon.

Ang mga indibidwal na nasa edad na 66 at mas matanda pa na nagkaroon ng regular na screening para sa cervical cancer sa nakaraang 10 taon na may mga normal na resulta ay hindi dapat ma-screen.

Ang mga indibidwal na nagkaroon ng malubhang cervical precancer ay dapat ma-screen ng hindi bababa sa 25 taon pagkatapos ng dyagnosis na iyon, kahit ang screening ay nagpapatuloy pagkatapos ng edad na 65 taong gulang.

Ang mga indibidwal na ang cervix at uterus ay inalis sa pamamagitan ng operasyon ay dapat itigil ang screening maliban kung ginawa ang operasyon para gamutin ang cervical cancer o malubhang precancer.

Ang mga indibidwal na nabakunahan laban sa HPV ay dapat pa ring sundin ang mga rekomendasyon sa screening para sa mga grupo ng edad nila.

**GLOSARYO**

**Pap Test**

Tinitingnan sa Pap test ang mga pagbabago sa selula o mga hindi normal na selula sa kuwelyo ng matris.

**HPV Test**

Tinitingnan sa mga human papillomavirus (HPV) test kung mayroong virus at maaaring maisagawa sa parehong pagkakataon ng Pap test.

**Pangunahing HPV test**

Ang HPV test na ginagawa mismo para sa screening

**Co-testing**

Testing na may HPV test at Pap test

### Screening para sa Lung Cancer

**50+ Taong Gulang**

**Screening para sa Lung Cancer (Kanser sa Baga)**

Kung kasalukuyan kang naninigarilyo o dating naninigarilyo, nasa edad na 50 hanggang 80, ay nasa mataas na panganib para sa lung cancer dahil sa kasaysayan ng 20-pakete o higit pa kada taon ng paninigarilyo, maaari kang makinabang sa screening para sa lung cancer na may taunang mababang dosis na CT scan.

**GLOSARYO — Testing para sa Lung Cancer**

Ang mga taong naninigarilyo o dating nanigarilyo ay nasa mas mataas na panganib para sa cancer sa baga. Makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong panganib sa lung cancer, at ang mga posibleng kapakinabangan, limitasyon, at pinsala ng pagpapa-screen para sa maagang lung cancer.

---

Karaniwang saklaw ng insurance ang mga serbisyo para sa prebensyon at screening. Mangyaring tingnan para makumpirma ang iyong mga partikular na benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung wala kang insurance o hindi kayang bayaran ang screening, bumisita sa **cancer.org/getscreened** para sa higit pang impormasyon.

**Siguraduhing ipaalam sa iyong doktor o nurse kung ikaw ay mayroong anumang uri ng cancer o kung ang iyong ina, ama, kapatid, o mga anak ay nagkaroon ng cancer.**

Maaaring kailanganin mong simulan ang screening para sa ilang cancer nang mas maaga o magpa-screen nang mas madalas kung mayroon kang ilang salik ng panganib. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol dito.

cancer.org | 1.800.227.2345

©2024, American Cancer Society, Inc. No. TAG243711 Rev. 7/24